Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RELEASED
05 MAY 2026
CTRL No.: 2026-05-224

4 Mayo 2026

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 224, s. 2026

**IMPLEMENTASYON NG 2026 SUMMER REMEDIATION PROGRAM**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Nanunuparang Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Paaralang Elementarya at Sekundarya

**1.** Alinsunod sa DepEd Order No. 010, s. 2026, ang Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Iriga ay naglalabas ng Memorandum na ito upang magbigay ng gabay sa pagpapatupad ng 2026 Summer Remediation Programs (SRP). Layunin ng SRP na matugunan ang mga natukoy na kakulangan sa pagkatuto sa **Pagbasa** at **Matematika** ng mga mag-aaral sa pampubliko at pribadong paaralan sa lahat ng antas.

2. Batay sa resulta ng EOSY 2025–2026, napag-alaman na may malaking bilang ng mga mag-aaral na nasa **Emerging/Frustration level (2,431)** sa Pagbasa at **Not Proficient/Low Proficient (1,263)** sa Matematika. Ang 2026 SRP ay naglalaan ng istrukturado at target na interbensyon upang matugunan ang mga kakulangang ito at maihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na taon ng pag-aaral.

3. Kaugnay nito, inaasahang isasagawa sa bawat paaralan ang sumusunod na **SUMMER REMEDIATION PROGRAMS** simula **Mayo 6 hanggang Hunyo 2, 2026**:

| Programa | Target na Mag-aaral | Tagal |
|---|---|---|
| ARAL Summer-Reading | Mga papasok na mag-aaral Grades 2–11 (Emerging/Frustration level sa English) | 20 araw |
| ARAL Summer-Mathematics | Mga papasok na mag-aaral sa Grades 2, 3, at 4 (Not Proficient/Low Proficient) | 20 araw |
| SHS Remediation Program (English at Mathematics) | Mga papasok na mag-aaral sa Grade 12 (Frustration/Not Proficient/Low Proficient) | 20 araw |
| Summer Academic Remedial Program (SARP) | Mga mag-aaral sa alinmang baitang na bumagsak sa 1–2 asignatura, Key Stages 1–4) | 20 araw |

**4.** Narito ang ilang sa mahahalagang alituntunin:

**a. Iskedyul at Tagal:** Isasagawa ang SRP mula Mayo 6 hanggang Hunyo 2, 2026. Face-to-face mula Lunes hanggang Huwebes samantalang ang **Biyernes** ay itatalaga para sa ***home-based learning*** at paghahanda ng mga guro para sa kagamitang pampagtuturo.

**b. Laki ng Klase:** Pananatiliin ang maximum na **tutor-to-learner ratio na 1:10**. Maaaring igrupo ang mga mag-aaral batay sa antas ng kakayahan o sa pamamagitan ng mixed-ability grouping na may angkop na differentiated instruction.

**c. Tagal ng Sesyon:** Lahat ng programa ay tatakbo nang 2 oras bawat asignatura bawat araw na may 30 minutong pahinga. Ito ay dapat na nakatala sa **Class Program na ihahanda ng tutor pirmado ng punong-guro.**

**d. Pagdalo:** Mahigpit na ipinatutupad ang **mandatory attendance** ng mga mag-aaral na kabilang sa programa upang matiyak ang kanilang pagkatuto at maayos na paglipat sa susunod na baitang. Kinakailangang itala ang attendance ng bawat mag-aaral ayon sa bilang na natukoy ng EoSY assessment. Kung sakaling di sumunod ang mag-aaral, ilista at tukuyin ang dahilan.

**e. Batayan ng Pagtatasa:** Ang resulta ng EOSY 2025–2026 ang magiging batayan sa pagtukoy ng mga kalahok sa ARAL at SHS programs. Ang pinal na marka sa SY 2025–2026 ang magiging batayan para sa SARP. Dahil diyan, magkakaroon ng **teacher-made test bilang panapos na pagtataya** sa **Hunyo 3, 2026** upang malaman ang kabuoang kalagayan ng kanilang pagkatuto.

**f. Promosyon (SARP):** Ang Remedial Class Mark ay ia-average sa final grade ng mag-aaral upang makuha ang Recomputed Final Grade (RFG). Kinakailangan ang RFG na hindi bababa sa 75 upang maipasa sa susunod na baitang.

**g. Modalidad ng Pagkatuto:** Maaaring isagawa ang SRP sa pamamagitan ng face-to-face, online, o blended learning, depende sa konteksto at kakayahan ng paaralan.

**h. Kagamitang Pampagtuturo.** Hahanguin ang materyal na gagamitin sa link na ito: **tinyurl.com/ARALSummerMaterials2026**. Samantala, ang bondpapers na naunang naibigay mula sa ARAL funds noong Marso 23, 2026 ay gamitin na muna at palitan na lamang pagdating ng pondong laan para rito.

**i. MGA TUNGKULIN NG MGA PUNONG-GURO**

1) Tukuyin at **ilista ang mga mag-aaral** na nangangailangan ng interbensyon batay sa EOSY results at final grades.
2) Magtalaga/**manghikayat ng kuwalipikado** at dedikadong **guro/externl tutor**, na bibigyan ng prayoridad ang mga Master Teachers o sinomang guro na nagnanais na maging kabahagi ng SRP.
3) Magsagawa ng **orientation para sa mga magulang/tagapag-alaga** bago ang pagsisimula ng programa.
4)Tiyakin ang paghahanda at pagsusumite ng **class program** bago ang Mayo 6, 2026.
5)Subaybayan ang **araw-araw na pagdalo at magsumite ng lingguhang ulat** sa Division ARAL Focal.
6) Siguraduhin ang **pamamahagi ng lahat ng kinakailangang kagamitang pampagtuturo.**

7) Subaybayan ang implementasyon, **formative test, post test, FGD at idokumento ang mga hamon at interbensyon sa Individualized Intervention Plan.**
8) Magbigay ng **Certificate of Recomputed Final Grade (RFG) sa mga SARP completers**, pirmado ng guro at pinagtibay ng punong-guro.

**j. PAG-UULAT AT PAGMOMONITOR**

Ang mga paaralan ay magsusumite ng 2 ulat (Mayo 18 at Hunyo 40 ) sa Division ARAL Focal, na naglalaman ng pagdalo ng mga mag-aaral, resulta ng check-in assessment, FGD findings, mga hamon, at mga ginawang interbensyon.

Magsasagawa ang Sangay ng monitoring visits (Mayo 6, 2026) at magbibigay ng teknikal na tulong sa mga paaralan **sa buong panahon ng implementasyon**. Isasagawa rin ang endline assessment gamit ang parehong assessment tools na ginamit sa EOSY 2025–2026.

**k. MGA INSENTIBO PARA SA MGA TUTOR (DepEd o External).** Ang mga gurong magsasagawa ng tutorial sessions o palihan na may kabuoang anim (6) na oras ay makatatanggap ng katumbas na isang (1) araw na vacation service credits, bukod pa sa taunang limitasyon na 30/45 araw para sa mga bagong guro (DO 013, s. 2024). Gamitin ang mga kinakailangang pormularyo na Annexes ng DO 001, s. 2026.

**5.** Inaasahan ang pagsasagawa ng **munting palatuntunan** (kick-off ceremony) para pormal na tanggapin ang mga mag-aaral sa bawat pangkat. Mangyaring gawan ito ng dokumentasyon.

**6.** Anomang gastusin ng bawat paaralan ay maaaring manggaling sa pondong lokal/mOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pag-awdit.

**7.** Para sa inyong patnubay at agarang pagtalima.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

Sanggunian: DO 001, s. 2026
DO 010, s. 2026